

Anong impormasyon ang ibibigay sa akin?

Ang sinasabing biktima at ang kanyang magulang/tagapag-alaga ay binibigyan ng konsiderasyon sa panahon ng imbestigasyon, kabilang ang:

- ▶ pagbibigay-kaalaman sa pagsulong ng imbestigasyon. Ang imbestigador ay magtatakda ng napagkasunduang iskedyul ng pagkontak sa magulang/tagapag-alaga ng bata
- ▶ pag-aabiso ng mga natuklasan sa imbestigasyon na kaugnay sa bata – kung mahigit pa sa isa ang sinasabing biktima sa imbestigasyon, ang magulang/tagapag-alaga ay bibigyan ng impormasyong kaugnay lamang sa sarili nilang anak
- ▶ pag-aabiso, sa pangkalahatan, ng mga kinalabasan ng imbestigasyon.

Ang salitang 'mga natuklasan' ay naglalarawan kung may sapat na ebidensya upang patunayang naganap ang partikular na alegasyon – o sustained finding. Kung walang sapat na ebidensya, ang natuklasan ay 'not sustained'.

Ang salitang 'outcomes' ay naglalarawan ng mga pangunahing pagpapasya na ginagawa ng pamunuan ng Diyosesis kapag may isa o higit pang alegasyong tinanggap sa isang imbestigasyon. Ang mga kinalabasan ay maaaring kaugnay sa iniimbestigahang tauhan ng Diyosesis, at sa mga isyung pampangasiwaan o pangkabuuang sistema.

Impormasyon para sa mga saksi

Sa sandaling ma-interbyu na ng imbestigador ang isang saksi at natapos na ang kanyang ebidensya, ang tungkulin ng batang saksi ay kumpleto na. Ang bata at magulang/tagapag-alaga ay aabisuhan kapag nakumpleto na ang imbestigasyon, ngunit hindi sila bibigyan ng impormasyon kaugnay sa mga natuklasan o mga kinalabasan.



Ang bata ay protektado habang may imbestigasyon at pag natapos ang imbestigasyon

Ang Diyosesis ay nakatuon sa pagtataguyod ng kaligtasan, kapakanan, at kagalingan ng mga bata. Ang lokal na pamunuan ng Diyosesis ay may obligasyong tiyakin na ang mga batang kasangkot sa isang imbestigasyon ay bibigyan ng natatanging pangangalaga. Ang pagpapayo at karagdangang suporta ay maaaring isaayos para sa isang bata kung ang proseso ay nakababahala o nakakabalisa sa kanya.

Ang anumang alegasyon na ang isang tauhan ng Diyosesis ay tumatarget o nagdidiskrimina laban sa isang bata dahil nagsumbong siya ng mga alegasyong masamang asal, o dahil sa paglahok nila sa isang imbestigasyon, ay sadyang hindi kanais-nais at iimbestigahin ito ng OoSG. Kung mapapatunayan na ang tauhan ng Diyosesis ay kasangkot sa nasabing diskriminasyon, siya ay nanganganib na malapatan ng malubhang aksyong pangdisiplina.

Poprotektahan ng OoSG ang identidad ng mga batang saksi at isisiwalat lamang ang mga ito kung sila ay aatasan ng batas na gawin ito. Ang tauhan ng Diyosesis na iniimbestigahan ay may karapatang malaman kung sino ang sinasabing naabusos, ngunit hindi ang mga identidad ng mga batang saksi.

Para sa mas detalyadong impormasyon kung ano ang nangyayari sa isang imbestigasyon, maaari mong tingnan ang website ng Office of Safeguarding at basahin ang polyetong **Ano ang nangyayari sa isang imbestigasyon para sa mga kabataan ng Diyosesis.**



**Opisina ng Safeguarding
Diyosesis ng Maitland-Newcastle**

50 Crebert Street, Mayfield NSW 2304

PO Box 29 Carrington NSW 2294

P 02 4979 1390

E childprotection@mn.catholic.org.au

www.officeofsafeguarding.org.au



Impormasyon para sa mga magulang at mga tagapag-alaga

ng mga batang kasangkot sa isang imbestigasyon ng diyosesis

www.officeofsafeguarding.org.au



Itinuturing ng Diyosesis na hindi katanggap-tanggap ang anumang alegasyon ng masamang asal o mapang-abusong gawain tungo sa isang bata.

Maaaring masangkot ang mga bata sa isang imbestigasyon ng Diyosesis bilang isang biktima, o isang saksi sa sinasabing pang-aabuso o masamang asal ng isang tauhan ng Diyosesis. Ang masangkot sa anumang imbestigasyon ay maaaring mag dulot ng lubhang pagkabalisa, at maaaring makadama ng pagkalipos at pagkalito.

Ang mga imbestigasyong isinasagawa ng Diyosesis ay naglalayong maunawaan kung ano ang nangyari kapag may pag-aalala na ang isang bata ay maaaring makaranas ng pang-aabuso.

Ang layunin ay mabawasan ang anumang panganib, upang panatilihin siyang ligtas, at mag-alay ng mga suporta sa bata at pamilya na maaaring kailanganin nila upang makamit ito.

Sino ang mamamahala sa reklamo?

Ang Diyosesis ay magsasagawa ng mga pag-uusisa sa antas na kabagay sa kalubhaan ng alegasyon.

Ang mga lokal na lider, i.e., isang punong-guro ng paaralan o taga-pamahala, ay maaaring magsagawa ng ilang imbestigasyon kasama ng Office of Safeguarding na mangangasiwa at magbibigay tulong. Ang mga 'lokal na imbestigasyong' ito ay di-pormal at nalulutas nang mas mabilis dahil ang uri ng alegasyon ay di-lubhang matindi o binubuo lamang ng di-malubhang paglabag ng mga propesyonal na pamantayan.

Dapat imbestigahan ng Office of Safeguarding ang lahat ng mga alegasyon, pati na rin ang pagsasagawa ng anumang iba pang imbestigasyon na ipinapalagay nito ay angkop na gawin. Maaaring kabilangan ito ng mga bagay na may nahihiwatigan o tunay na conflict of interest.

Kokontakin ba ang Pulisya?

Mag-uulat ang Diyosesis sa NSW Police at sa iba pang nauugnay na mga awtoridad, ng kriminal na pag-aasal na:

- ▶ kinasasangkutan ng isang bata o grupo ng mga bata
- ▶ malubhang pagkakasalang maikedemanda.

Ang malubhang pagkakasala ay yung mapaparusahan ng pagkabilanggo nang limang taon o higit pa.

Depende sa uri ng alegasyon, maaari rin kaming mag-ulat sa Department of Communities and Justice (ito ang dating FACS).

Gaano tatagal ang imbestigasyon?

Ang mga imbestigasyon ay maaaring madali lamang at nalulutas sa loob ng ilang linggo. Ang ibang imbestigasyon ay tumatagal nang mga buwan, kung minsan ay aabutin ng ilang taon.

Ang ilan sa maselang imbestigasyon ay kinapapalooban ng statutory authorities na nagsasagawa ng sarili nilang mga pag-uusisa. Ito ay pinangungunahan ng statutory authorities – ang mga pag-uusisa ng pulisya ay pinakamahalaga, at kasunod ang iba pang statutory authorities kagaya ng Department of Communities and Justice. Kadalasan ang Diyosesis ay inuubligang maghintay munang matapos ng mga statutory authorities ang kanilang mga pag-uusisa, bago pahintulutan ang Diyosesis na simulan ang kanilang imbestigasyon.

Kakausapin ba ang anak ko?

Hihilingan ng imbestigador ng pagsang-ayon ang magulang/tagapag-alaga at bata upang lumahok sa imbestigasyon. Kung kapwa magulang/tagapag-alaga at bata ay sasang-ayong lumahok sa imbestigasyon, makikipag-ayusan ang imbestigador upang ma-interbyu ang bata.

Hangga't maaari, kailangan ng bata na madamang siya ay ligtas at sinusuportahan. Dapat ay may saksi sa pag-interbyu ng bata. Ang isa o higit pa sa mga magulang/tagapag-alaga ng bata, o iba pang matatanda na pinagkakatiwalaan, ay kailangang dumalo sa interbyu ng bata.

Sa pagsang-ayon ng magulang/tagapag-alaga at ng bata, gagawan ng audio recording ang interbyu. Ang audio recording ay isasalin bilang isang nakasulat na interbyu, ang kopya nito ay ipapadala sa bata (na nasa pangangalaga ng magulang/tagapag-alaga).

Kung pipiliin ng magulang/tagapag-alaga o bata na hindi lumahok sa imbestigasyon, hihilingan ang magulang/tagapag-alaga na isulat ang kanilang desisyon sa imbestigador. Ang pasyang huwag lumahok ay malamang makaapekto sa imbestigasyon.

